DENR MIMAROPA
RECORDS SECTION
RECEIVED
JUL 05 2023
INCOMING ☐ OUTGOING
BY: TIME: DATS NO.

LORMELYN E. CLAUDIO
REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR
DENR MIMAROPA, REGION IV-B
JULY 03, 2023

MADAM:

MAGANDANG ARAW PO SA INYONG BUNHING TANGGAPAN.

AKO PO SI NELLY SALVAJENO PABILONA, DUMULOG PO AKO SA INYONG TANGGAPAN, DAHIL NAKABILI PO AKO NG LUPA NA MAY SUKAT NA 200 SQ. METERS KAY PABLITA MACAYRAN XHAP. BINILI KO PO ANG LUPANG ITO, DAHIL ALAM KO SIMULA'T SIMULA PA, SILA ANG MAY PAG-AARI AT HIGIT NA MAY KARAPATAN DITO. DAHIL, NAGING SAKSI AKO SA KANILANG PAGHIHIRAP, PAGTATANIM AT PAGKUKULTIBAR NG NASABING LUPANG ITO.

NOONG 1981 ANG LUPANG ITO AY BINILI NG MGA MAGULANG NI PABLITA MACAYRAN XHAP NA SINA: MR. AQUILINO MACAYRAN AT ALEJANDRA MACAYRAN MULA SA PAG-AARI NI MR. EDUARDO EDORA. "WAIVER OF RIGHTS" LANG ANG GINAWANG KASULATAN SA NASABING BILIHAN. DAHIL NOONG PANAHONG 'YON, WALA PANG TAX DEC. AT TITLE ANG MGA LUPAIN DITO SA AMIN. DAHIL SA PAGKAKAALAM KO, MAS HIGIT NA BINIBIGYAN NG PRIORIDAD NG ATING GOBYERNO AY ANG MGA TAONG NAGHIRAP, NAGPUNYAGI, NAGTANIM AT NAGKULTIBAR NG MGA NASABING LUPAIN.

AT ANG MGA TAONG ITO ANG HIGIT NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN. NGUNIT ANG MASAKIT AT NAKALULUNGKOT ISIPIN, (NGUNIT) NASA ISANG IGLAP, LINGID SA KANILANG KAALAMAN NAPA-APPLY-YAN NA PALA NG DENR-CENRO, QUEZON, PALAYAN SA KUNG SINO-SINONG PONCIO PILATO AT NAPATITULOHAN NA NILA ITO SA IBAT-IBANG PANGALAN KASAMA NGA PO ITONG LUPANG NABILI KO KAY PABLITA MACAYRAN YHAP. ACTUALLY PO, 600 SQ. METERS PO ANG AREA NITO. PERO PO, 200 SQ. METERS LANG PO ANG BINILI KO, PINATAYUAN KO NA PO ITO NG BAHAY PARA PO, KAPAG UMUWI KAMI NG QUEZON MAY BAHAY KAMING MATUTULOYAN. PERO, NAKAKA DISKURAHE PO. LATELY, NAPAG-ALAMAN NAMIN NA-NAPATITULOHAN NA PALA ITO SA PANGALAN NI PERLITA BELONIO IHAO.

MAAM, DI PO BA DAPAT ANG MGA "LAND INVESTIGATOR" BEFORE MAGPA-APPLY SILA NG LUPA, DAPAT ALAMIN NILA KUNG SINO ANG ACTUAL OCCUPANTS O, KUNG SINO ANG NAKAPOSISYON SA NASABING LUPA?, BAGO SILA MAG PAPASOK NG KUNG SINO-SINONG "PONCIO PILATO, DAHIL ANG GINAGAWA NILA AY —

LABAG SA KARAPATAN PANTAO. NAG NAGHIRAP, NAGTANIM AT NAGKULTI-BAR NG LUPA,

ITO PO AY ISA LAMANG SA MGA ANOMALYANG PROBLEMA KINAKAHARAP AT GINAGAWA NG ILANG MGA LAND INVESTIGATOR DITO SA BAYAN NG QUEZON, PALAWAN. SANA PO, MABIGYAN NIYO NG PANSIN ANG MGA KATIWALIANG NAGAGANAP DITO SA AMIN, NAAAWA PO AKO DOON SA MGA TAONG WALANG-WALA AT HINDI NILA KAYANG IPAGLABAN ANG KANILANG KARAPATAN.

MA'AM, UMAASA PO AKO NA MABIBIGYAN NIYO NG KATUGONAN AT MAKITA NIYO PO ANG PAGHIHIRAP NG MGA TAONG NAGHIRAP, NAGTANIM AT NAGKULTIBAR NG KANILANG MGA LUPAIN.

MARAMING SALAMAT PO AT PAGPALAIN KAYO NG ATING POONG MAYKAPAL.

LUBOS NA NAGPAPASALAMAT
AT GUMAGALANG,

[signature]

NELLY SALDAJENO PABILONA
PUROK BAGONG PAG-ASA
BARANGAY SAN JOSE
PUERTO PRINCESA PALAWAN
5300 - PHILIPPINES
CP #. 09051995197